Labanan ang TB

Ang TB ay nagagamot, nahahadlangan at nalulunasan!

Ang tuberculosis (TB) ay kumakalat kung ang taong maysakit nito ay umuubo o bumabahin ng mga mikrobyo na ikinakalat sa hangin. Ang TB ay may dalawang bahagi: Impeksyon ng TB at Sakit na TB. Sinuman ay maaaring magka-TB.

Kung makalanghap kayo ng mga mikrobyo ng TB, pumupunta ito sa inyong baga. Minsan pumupunta ito sa ibang bahagi ng inyong katawan.

Impeksyon ng TB

Ito ang bahagi na unang pasok ng mikrobyo ng TB sa inyong katawan. Kung malakas ang inyong katawan, **mapipigilan** ang pagkalat ng mikrobyo ng TB.

Ang mikrobyo ay nasa inyong katawan, ngunit hindi kumakalat at hindi kayo nagkakasakit. Ito ang tinatawag na **impeksyon ng TB**.

- **Hindi pa kayo makakahawa** ng TB sa iba.
- **Hindi pa sumasasama ang inyong pakiramdam**.
- Maaaring positibo ang inyong *skin test.*
- Maaring normal ang inyong chest *x-ray.*



Maari kayong uminom ng gamot upang hindi kumalat ang mikrobyo sa inyong katawan at hindi ma-uwi sa sakit na TB. Walang bayad ang gamot sa TB!

Sakit na TB

Kung mayroon na kayong impeksyon ng TB at ang pananggalang ng inyong katawan ay mahina at hindi mapipigilan ang pagkalat ng mikrobyong TB, lalo na kung kayo ay may iba pang sakit (cancer, diabetes, HIV at iba pa) o katandana.

Sa bahaging ito ay patuloy na kumakalat ang mikrobyo at kayo ay magkakasakit. Ito ang tinatawag na **sakit ng TB**.

Makakahawa kayo ng TB sa iba.
Makakaramdam kayo ng:

- Lagnat
- Ubo (nang higit 3 linggo)
- Pagod
- Pagbaba ng timbang
- Pagpapawis sa gabi
- Sakit ng dibdib
- Pagluwa ng dugo

Kinakailangan kayong uminom ng gamot upang malunasan ang TB. Ang inyong doktor ang magpapasiya kung gaano katagal kayong iinom ng gamot. Walang bayad ang gamot sa TB!

Panahon nang puksain ang TB!

416.338.7600 toronto.ca/health | Toronto Public Health

PH0903GB083 (Tagalog) April 2009